# KAPASIYAHAN BLG. 2024-87

**"MULING PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 2023-84 NA MAY TITULONG 'MAGALANG NA HUMIHILING SA PANGULO NG PILIPINAS, KGG. FERDINAND R. MARCOS, JR., NA NAWA'Y MABIGYANG ALOKASYON ANG MUNGKAHING PROYEKTO IMPRASTRAKTURA (*SUPPLY AND INSTALLATION OF SOLAR STREET LIGHTS*) NG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN SIYAMNAPU'T PITONG MILYON, ANIM NA DAAN DALAWANG LIBO, APAT NA DAAN LABING ISANG PISO AT DALAWAMPU'T TATLONG SENTIMO (₱297,602,411.23)' AT KAPASIYAHAN BLG. 2023-85 NA MAY TITULONG 'MAGALANG NA HUMIHILING SA PANGULO NG PILIPINAS, KGG. FERDINAND R. MARCOS, JR., NA NAWA'Y MABIGYANG ALOKASYON ANG MUNGKAHING PROYEKTO IMPRASTRAKTURA (*FARM-TO-MARKET ROAD*) NG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG DAAN LABING SIYAM NA MILYON, LIMANG DAAN PITUMPU'T LIMANG LIBO, DALAWANG DAAN APATNAPU'T ISANG PISO AT SIYAM NA SENTIMO (₱719,575,241.09)'."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Soliman C. Santos**

---

**SAPAGKA'T,** isa sa pangunahing proyekto ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan ay ang imprastrakturang pangkaligtasan at isa dito ang pagkakaroon ng mga maliwanag na lansangan;

**SAPAGKA'T,** ang paglalagay ng mga ilaw sa lansangan ay nilalagay natin dahil sa ilang mahahalagang kadahilanan: **Kaligtasan, Pag-iwas sa Krimen, Pangangasiwa ng mga Naglalakad at Trapiko, Pinalalakas na Paningin at Buhay ng Komunidad at Kasiglahan**

**SAPAGKA'T,** ang kakalsadahin na mga *farm-to-market roads* ay mahalaga upang makapaghatid ng mga produktong agrikultura mula sa mga sakahan patungo sa kabayanan o pamilihan, gayundin ang pagdadala ng mga kagamitan at pangangailangang agrikultura ng mga magsasaka sa kanilang kabukiran;

**SAPAGKAT,** ang pagsasa-ayos ng *farm-to-market roads* ay magsisilbing malaking pakinabang at kapaburan sa mga kababayan

nating magsasaka, tungo sa mas mataas na kalidad ng pananakahan sa ating dakilang Bayan ng Bustos, Bulacan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. SOLIMAN C. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na muling pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 2023-84 at Kapasiyahan Blg. 2023-85 ng Sangguniang Bayan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-5 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wrymer B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles, MPA**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

## SERTIPIKASYON:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-5 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim